# DOTA KOBAN



Issue
Kani Police Station
Dota Precint
0574-26-0591
可児警察署 検索


# Mabilis na Dumadami ang mga Mapanlinlang na mga Tawag



## DUMARAMI NA RIN ANG MGA MODUS



**MONEY REFUND SCAM**

Tawag na nagpapanggap na taga- City hall or kaya ay iba pang empleyado ng gobyerno na nagsasabing meron kang refund galing sa insurance at maari itong mai process sa ATM. Hindi mo namamalayan na ang binibigay na instruction sa iyo ay ang pagpapadala ng pera sa kanila.

**BUDOL BUDOL**

Tawag na nagpapanggap na pulis atb. na nagsasabi na ang inyong 【Anak o apo ay, ninakaw • ginamit ang pera ng kompanya kung kayat kailangang ibalik ang pera】 O kaya ay may tawag nag nagsasabing 【may nahuling magnanakaw at isa kayo sa kanyang nabiktima ngunit, upang hindi mahalata ang pagnanakaw ay nag-iwan siya ng pekeng pera sa bahay ninyo at kayo ay sasabihang ibigay ang nasabing pera sa pulis na pupunta sa inyong bahay】

**FAKE INVOICE SCAM**

May text na message na ipapadala sa inyo at na nagsasabing 【may hindi ka binayarang subscription fee sa isang Porn Site】. Kung tatawagan ang teleponong na ginamit sa text message, sasabihan kang maaring bayaran ang subscription fee sa pamamagitan ng E-money.



Upang makaiwas sa mga scam

- Gumamit ng voicemail service, huwag sagutin ang tawag
- Huwag bumili ng pinapabiling E-money
- kapag may natanggap na tawag patungkol sa pera, kumunsulta sa kapamilya or sa pulis

## Gifu Prefecture Year-end Traffic Safety Movement

**Sa nalalapit na pagtatapos ng taon at sa pagsisimula ng panibagong taon, ang Gifu Pulis ay ipapatupad ang Gifu Prefecture year-end Safety Movement**

### 1 Period

**Mula December 9, 2022**

**Hanggang January 5, 2023**

### 2 Slogan

**Sa pagtatapos ng taon, sa pagsalubong ng bagong taon, protektahan ang lahat para sa seguridad ng kumunidad**



Upang masiguro ang ligtas at mapayapang pagsalubong ng bagong taon ng lahat ng mamayan ng Gifu, tayo ay magtulungan para sa kaligtasan ng komunidad. Sa pamamagitan pagtutulungan ng lahat mapipigilan ang mga krimen at aksidente.

## Lost and Found Reminders

Lost and Found QR Code




Mula 2021, mayroon nang 23,000 na kaso ng mga napulot na mga gamit. Ibig sabihin, sa bawat 10 mamamayan ng Gifu prefecture, ay may 1 na nakakawala ng kanyang gamit.

Tuwing lalabas, tiyaking ang lahat ng gamit ay nasa loob ng bag. I check ang mga lagayan kung may naiwang gamit Laging mag-ingat at alalahanin ang mga bagay-bagay sa paligid.

Maari ring I check ang mga lost and found sa website:

https://www3.pref.gifu.lg.jp/pref/s18873/ishitsu/

